



BreastScreen
Aotearoa

Tagalog (Tagalog)

Pagsusuri sa suso (Breast screening)

**Impormasyon para sa mga
kababaihang may edad na 70
at pataas**

TimeToBreastScreen.nz

Ang BreastScreen Aotearoa ay isang libreng pambansang programa ng pagsusuri sa suso na tumitingin ng mga palatandaan ng kanser sa suso. Ang programa ay nag-aalok ng libreng mammogram (mga x-ray sa suso) tuwing 2 taon sa mga kababaihang may edad na 45 hanggang 69 na walang mga sintomas ng kanser sa suso. Ang pagiging karapat-dapat para sa programa ay kasalukuyang pinapalawak.

Pagpapalawak ng pagsusuri sa suso hanggang edad na 74

Itataas ng BreastScreen Aotearoa ang saklaw ng edad para sa libreng pagsusuri sa suso upang unti-unting maisama ang mga kababaihang may edad 70 hanggang 74. Ang saklaw ng edad ay tataas ng isang taon tuwing Oktubre hanggang sa maisama ang lahat ng kwalipikadong kababaihan na may edad 70 hanggang 74. Ito ay ganap nang maipapatupad pagsapit ng Oktubre 2029.

Buong New Zealand

(maliban sa Nelson at Marlborough)

Mula Oktubre 2025, ikaw ay karapat-dapat para sa:

- libreng mammogram tuwing 2 taon hanggang sa ikaw ay maging 75 taong gulang, kung ikaw ay magiging 70 taong gulang sa o pagkatapos ng 1 Oktubre 2025
- isang huling pagsusuri sa edad na 74, kung ikaw ay 70 hanggang 74 bago ang 1 Oktubre 2025.

Nelson at Marlborough

Mula Oktubre 2024, kung ikaw ay nakatira sa Nelson at Marlborough, ikaw ay karapat-dapat para sa:

- libreng mammogram tuwing 2 taon hanggang sa ikaw ay maging 75 taong gulang, kung ikaw ay naging 70 taong gulang sa o pagkatapos ng 1 Oktubre 2024
- isang huling pagsusuri sa edad na 74 kung ikaw ay 70 hanggang 74 bago ang 1 Oktubre 2024.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat (eligibility), at upang makapagpasya kung ang screening ay angkop para sa iyo, bisitahin ang **TimeToBreastScreen.nz** o tumawag sa libreng telepono numero **0800 270 200**.

Pag-book ng mga mammogram sa BreastScreen Aotearoa

Kung ikaw ay karapat-dapat at nakatakda nang magpa-mammogram sa BreastScreen Aotearoa, makakatanggap ka ng imbitasyon sa pamamagitan ng email, text o liham. Maaari kang magparehistro at magpa-book:

- online gamit ang **secure personalised link** sa iyong imbitasyon, o
- sa pamamagitan ng pagtawag nang libre sa **0800 270 200**.

Kung sa palagay mo ay karapat-dapat ka at oras na para sa iyong screening ngunit hindi ka pa nakatanggap ng imbitasyon, mangyaring ipaalam ito sa amin sa pamamagitan ng pagtawag sa libreng linya ng telepono, o sa pamamagitan ng pagsagot sa enrolment form na makukuha sa **TimeToBreastScreen.nz**

Nasa iyo kung ano ang pipiliin mo

Ikaw ang pipili kung lalahok o hindi sa BreastScreen Aotearoa. Maaari kang mag-opt out (hindi lumahok o umatras) sa programa anumang oras. Maaari ka ring muling sumali anumang oras, basta't nananatili kang karapat-dapat.

Ang kailangan mong malaman

Ang mammogram ay nakatutulong upang maagang matukoy ang kanser sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga pagbabago sa loob ng suso bago pa ito maramdaman, kung kailan mas madaling gamutin. Ibig sabihin nito, ang paggamot ay maaaring hindi gaanong mabigat at mas madaling pamahalaan, lalo na sa mga mas nakatatandang kababaihan na mas malamang na may iba pang kondisyon sa kalusugan.

Ang mga kanser sa suso ay mas madaling matukoy sa mammogram ng mas matatandang kababaihan kumpara sa mas batang kababaihan, dahil sa pagkakaiba ng tisyu ng suso. Ang siksik na tisyu ng suso ay maaaring magpahirap sa pagtuklas ng kanser sa suso. Kasalukuyang pinag-aaralan ng Health New Zealand ang paggamit ng artificial intelligence upang sukatin ang densidad ng suso (breast density) sa hinaharap.

Para sa maliit na bilang ng mas matatandang kababaihan na may iba pang malubhang kondisyon sa kalusugan, ang ilang kanser sa suso na natutukoy sa pamamagitan ng screening ay hindi makakapinsala sa natitirang bahagi ng kanilang buhay.

Maaaring hindi matukoy ng mammogram ang ilang kanser, at maaaring magkaroon ng kanser sa pagitan ng mga mammogram.

Tulad ng lahat ng x-ray, ang mammogram ay naglalantad sa iyo sa napakaliit na radyasyon, ngunit malamang na hindi ito magdulot ng pinsala.

Ang pagsusuri sa suso ay maaaring hindi komportable, masakit, o nakababahala para sa ilang kababaihan. Maaari kang magdala ng kasama o tagasuporta (support person) kung nais mo ng taong makakasama bago at pagkatapos ng iyong mammogram.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **TimeToBreastScreen.nz**, tumawag nang libre sa **0800 270 200**, makipag-usap sa iyong healthcare provider, o pumunta sa healthed.govt.nz upang basahin ang **Screening for breast cancer: joining BreastScreen Aotearoa** at **Having a mammogram**

Mammogram para sa mga kababaihang hindi karapat-dapat para sa BreastScreen Aotearoa

Ang mammogram ay mahalagang bahagi ng pagsusuri ng mga sintomas sa suso (tulad ng bagong bukol sa suso o pagbabago) para sa mga kababaihan sa anumang edad. Kung hindi ka karapat-dapat sa screening programme, maaari kang makakuha ng libreng mammogram sa pampublikong ospital kung ikaw ay may mas mataas na panganib o may mga sintomas, sa pamamagitan ng referral mula sa isang healthcare provider.

Ang mga nasa mas mataas kaysa karaniwang panganib na magkaroon ng kanser sa suso ay maaari ring i-refer ng isang healthcare provider upang magpa-libreng mammogram, kahit wala silang mga sintomas. Nalalapat ito kung, halimbawa, ikaw ay nagkaroon ng isa (o mahigit pa) sa mga sumusunod:

- dating kanser sa suso
- nakaraang biopsy na nagpakita ng mga abnormal na selula sa suso
- malapit na kamag-anak (halimbawa, ina, kapatid na babae, anak na babae, tiyahin o lola) na nagkaroon ng kanser sa suso (lalo na kung sa dalawang suso), o kanser sa obaryo.

Para sa mga kababaihang may edad na 75 pataas

Makipag-usap sa iyong healthcare provider kung ang pagpapatuloy ng pagpapammammogram ay angkop para sa iyo batay sa iyong indibidwal na mga risk factor, pangkalahatang kalusugan, at iyong mga kagustuhan.

Sa anumang edad, dapat kang makipagkita sa iyong healthcare provider sa lalong madaling panahon kung may mapansin kang anumang bagong pagbabago sa iyong mga suso.

Ang panganib na magkaroon ng kanser sa suso

Ang panganib na magkaroon ng kanser sa suso ay tumataas habang tumatanda. Kung maayos ang kalusugan mo, kausapin ang iyong healthcare provider kung kapaki-pakinabang pa rin para sa iyo ang pagpapamammogram.

Ang pagkakaroon ng kasaysayan ng kanser sa suso sa pamilya ay maaaring magpataas ng panganib, ngunit kahit sa mga kababaihang may ganitong kasaysayan, karamihan ay hindi pa rin magkakaroon ng kanser sa suso.

Ang kanser sa suso sa mga kababaihang may kasaysayan nito sa pamilya ay karaniwang nangyayari bago mag-70 taong gulang. Para sa mga kababaihang mahigit sa 70 taong gulang na may kasaysayan ng kanser sa pamilya, bahagya lamang na mas mataas ang panganib kumpara sa mga kababaihang kapareho ng edad na walang kasaysayan sa pamilya.

Makipag-usap sa iyong healthcare provider tungkol sa iyong mga panganib, anumang gastos, at kung paano makakakuha ng referral para sa mammogram.

Paano ko masusuri ang kanser sa suso?

Lahat ng kababaihan ay kailangang malaman kung ano ang normal na hitsura at pakiramdam ng kanilang mga suso (nagpapa-mammogram man o hindi).

Kung mapansin mo ang alinman sa mga sumusunod na pagbabago (kahit nakapagpa-mammogram ka na), magpatingin agad sa isang healthcare provider:

- isang bagong bukol sa suso o kili-kili
- mga pagbabago sa hugis o laki ng suso
- mga pagbabago sa balat ng suso tulad ng paglubog (dimpling), pagkunot (puckering), o pagkapal (thickening)
- mga pagbabago sa utong, tulad ng paglubog o pagbawi nito paloob (inversion), pagkakaroon ng sugat (ulcers), o bagong pangangati
- pagtagas mula sa utong o pagdurugo
- patuloy na pamumula
- pananakit ng suso na hindi nawawala.

Ang mga kababaihan sa anumang edad na may mga sintomas ng kanser sa suso ay maaaring makakuha ng libreng mammogram sa pamamagitan ng referral mula sa isang healthcare provider.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsusuri sa suso (breast screening), basahin ang polyetong **Pagpapa-mammogram**. Makukuha ito mula sa iyong lokal na sentro ng BreastScreen Aotearoa sa pamamagitan ng pagtawag nang libre sa **0800 270 200**, mula sa **healthed.govt.nz**, o mula sa inyong lokal na Authorised Provider.



TANDAAN

Ang mga kababaihan sa anumang edad na nakakaramdam o nakakapansin ng anumang hindi pangkaraniwan sa kanilang mga suso, sa anumang oras, ay dapat magpatingin sa kanilang healthcare provider.



Scan the QR code to access available translations of BSA brochures into languages other than English and formats including Braille, audio, Large Print, Easy Read and NZSL.

FREEPHONE

0800 270 200



**BreastScreen
Aotearoa**

**Health New Zealand
Te Whatu Ora**

**Te Kāwanatanga o Aotearoa
New Zealand Government**

This resource is available from **healthed.govt.nz** or your local Authorised Provider. Revised September 2026. **HE10120-TGL**